# أحكام العطاس باللغة الفلبينية

# MGA KATURUAN KAPAG BUMABAHING

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

Ano ang dapat ang pag-uugali ng isang muslim tuwing siya ay bumabahing? Bukod na ang pagbahing ay maraming naidudulot na maganda sa ating katawan at ito ay gawain na minamahal ni Allah ﷻ, ito ay binigyan pa rin ng Islam ng tamang pag-uugali.

Sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ: "Tunay na nilulugod ng Allah ﷻ ang pagbahing".

At naiulat sa Sunnah kung papaano ang pagpuri sa Allah ﷻ pagkatapos bumahing, at ito ay: "Alhamdullilah". Dito natin makikita ang gantimpala na tinanggal ni Allah ﷻ sa kanyang alipin sa pamamagitan ng pagbahing, at ipinag-utos sa kanya na puriin ang Allah ﷻ at magpasalamat sa biyaya ng bahing.

Inulat ni Abu Hurairah رضي الله عنه na ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Kapag bumahing ang isa sa inyo, siya ay magsabi ng: "Alhamdulillah", at ang nakarinig sa kanya na kapatid niyang Muslim ay magsasabi: "Yarhamukallah", at magsasabi ulit ang taong bumahing ng: "Yahdikumullah wa yuslih balakum".

Ito ang tinatawag na تشميت العاطس o pagdalangin sa taong bumahing ng kabutihan, at ito ay karapatan at tungkulin ng bawat isa sa atin.

Dapat na ang bumahing ay sagutin ang nanalangin para sa kanya ng kabutihan, sa pamamagitan ng pagsabi ng: "Yahdikumullah wa yuslih balakum". At kung sino ang nakalimot magsabi ng "Alhamdulillah" ay dapat ipaalala sa kanya upang hindi niya makalimutan.

At kung sino ang bumahing ng tatlong beses o higit pa na sunod-sunod, ang dapat na sabihin na sa kanya ay: “عفاك الله Afaakallah”.

Pag ang isang muslim naman ay bumahing tuwing seremonya sa araw ng biyernes, siya ay magsasabi ng “Alhamdulillah” ng tahimik, at hindi dapat na ang mga nakarinig sa kanya ay ipanalangin pa siya.

Kung ang Imam naman mismo ang bumahing at nagsabi ng: “Alhamdulillah” dito ay walang problema na siya ay ipanalangin ng mga nakarinig.

Sa sitwasyon naman na ang bumahing ay hindi mananampalataya at pinuri niya ang Allah ﷻ, pwede natin siya ipanalangin at sabihin: “هداك الله Hadaakallah”(Gabayan ka ng Allah ﷻ) o “عفاك الله Afaakallah”(Pagalingin ka ni Allah ﷻ), ang mga Hudyo sa panahon ng Propeta Muhammad ﷺ ay bumabahing upang sabihin ng Propeta Muhammad ﷺ na kaawaan kayo ng Allah ﷻ , subalit “Yahdikumullah wa yuslih baalakum” ang sinasagot sa kanila ng Propeta Muhammad ﷺ.

Kinamumuhian na ang taong nasa banyo ay ipanalangin pag siya ay bumahing sa loob ng banyo, at ganun rin sa taong bumahing, hindi siya dapat magsabi ng : “Alhamdulillah”.

Itinuturo sa taong bumahing na hinaan ang pagbahing at itaas ang kanyang boses sa pagpuri sa Allah ﷻ, at dapat takpan ang ilong tuwing babahing upang hindi maperwisyo ang kanyang katabi.

والله تعالى أعلم...